**bilog, malaki, malambot, maliit, puti, natakot**

Ang mga salitang ating binasa ay mga salitang naglalarawan na tumutukoy sa hugis (bilog), laki (malaki at maliit), tekstura (malambot), kulay (puti) at damdamin (natakot)

**Gawain 1**

**Suriin ang mga salita.**

**Piliin at bilugan ang salitang hindi angkop na naglalarawan sa mga salitang nasa kahon.**

1. kulay — A. asul B. pula C. parisukat
2. hugis — A. matigas B. parihaba C. bilog
3. tekstura — A. makinis B. nagulat C. magaspang
4. temperatura — A. mainit B. malamig C. berde
5. damdamin — A. malungkot B. natatakot C. malambot

**Paglalahat**

Laging tandaan na may mga salitang naglalarawan na tumutukoy sa kulay, laki, hugis, tekstura, temperatura at mga damdamin sa isang pangungusap.

**Halimbawa:**

kulay - pula, puti, asul, berde
laki - maliit, malaki
hugis - bilog, tatsulok, parihaba
tekstura - makinis, magaspang, malambot
temperatura - malamig, mainit

LIVEWORKSHEETS